



# Programa ng immunisasyon sa Year 8 – impormasyon para sa mga magulang

## Bakit mahalaga ang immunisasyon?

Isinasanggalang ng immunisasyon ang mga tao laban sa nakakahawang mga sakit na may malaking panganib na magdulot ng grabeng pagkakasakit, kapansanan at kamatayan. Ang mga bakuna ay nagbubuyong sa naturalesa ng kasagutang hindi-tatalaban na siyang nagpoprotekta sa mga tao kapag napasabak ulit sa sakit sa kapaligiran.

Ang lahat ng mga bakunang makukuha sa kasalukuyan sa Australya ay dapat pumasa sa mabagsik na mga pagsubok sa kaligtasan bago pa maaprubahan. Ang mga bakuna ay patuloy na sinusubaybayan para sa kaligtasan at pagkaepektibo. Tunghayan ang karagdagan tungkol sa ligtas na bakuna at karaniwan at bihirang mga epekto sa:

[healthywa.wa.gov.au/immunisation](http://healthywa.wa.gov.au/immunisation)

## Programa ng immunisasyon sa Year 8

Sa Australya, ang mga estudyante sa Year 8 ay binibigyan ng libreng mga bakuna sa pamamagitan ng Programa ng Pambansang Immunisasyon (National Immunisation Program) para maprotektahan laban sa:

- \* Diphtheria
- \* Tetanus
- \* Mahigpit na pag-ubo (pertussis)
- \* Human papillomavirus (HPV).

Matutunghayan ninyo ang karagdagan tungkol sa mga sakit na ito at ang mga bakunang ginagamit bilang proteksyon na panlaban sa mga ito sa:

[healthywa.wa.gov.au/immunisation](http://healthywa.wa.gov.au/immunisation)

## Ano ang dapat ninyong gawin

Itong pakete ng pagpayag sa immunisasyon ay ibinigay sa inyo na pinadaan sa programa ng paaralan sa inyong anak sa year 8. Ang pakete ay naglalaman ng impormasyon at isang porma ng pagpayag. Bilang magulang, kailangan ninyong:

- \* basahing maingat ang kalakip na porma ng pagpayag at katunayang pahina ng bakuna, at bisitahin ang [healthywa.wa.gov.au/immunisation](http://healthywa.wa.gov.au/immunisation) o tawagan ang nars sa paaralan kung kailangan pa ninyo ng dagdag na impormasyon
- \* i-tsek ang pula o berdeng kahon sa porma ng pagpayag para ipakita kung aling mga bakuna ang pinapayagan ninyo o alin ang hindi, tapos pumirma sa espasyong inilaan
- \* magbigay ng impormasyon sa porma ng pagpayag tungkol sa kung anong mga sakit ng inyong anak na makakaapekto sa pagkahiyang sa immunisasyon.
- \* Ibalik ang nakumpletong porma sa paaralan kahit na inaayawan ninyo ang immunisasyon.

Maaaring tawagan kayo ng nars kung kailangan pa nila ng dagdag na impormasyon.

Babakunahan lang ang mga estudyanteng may nakumpleto at pirmedong porma.

Kung hindi nabakunahan ang inyong anak, ipagbibigay alam sa inyo at may i-aalok na kapalit na mapagpipilian sa immunisasyon.

## Bago bakunahan ang inyong anak

Ang kaunti, karaniwang sakit na sipon na may mababang lagnat ay hindi mag-aantala sa immunisasyon. Ngunit sa ibang mga kaso, inirerekomenda na itigil o i-antala ang immunisasyon dahil sa nangyayaring sakit. Ipaalam sa paaralan o immunisasyong nars kung ang inyong anak ay:

- \* nagkaroon ng masamang reaksyong nangyari noong nakaraang immunisasyon
- \* may kasaysayan sa alerdyi na hindi inirerekomenda ang immunisasyon
- \* may bakunang ginawa noong nakaraang buwan (hal. tuberculosis, tigdás, yellow fever)
- \* nagpa-iniksyon ng immunoglobulin o nagpasalin ng dugo nitong nakaraang tatlong buwan
- \* may sakit na nagpapababa ng inmunidad, (hal. leukemya, kanser, HIV/AIDS) o nagpapagamot na pinapababa ang inmunidad hal. mga steroid na hydrocortisone o prednisolone, radiotherapy, chemotherapy)
- \* may kasama sa tirahan na may sakit na nagpapababa ng inmunidad o nagpapagamot na pinapababa ang inmunidad
- \* may sakit noong tiyempong mag-iimmunisasyon.

## Pangangalaga matapos ang immunisasyon

Ang pinag-iniksyunan ay mapula at namamaga – lagyan ng malamig, mabasa-basang tela.

Maaring may ilang pananakit ng katawan, lagnat, sakit sa ulo o pagkapagod. Para sa sakit ng ulo at katawan, uminom ng paracetamol gaya ng sabi sa etikita. Kung patuloy ang lagnat, komunsulta sa inyong doktor.

Bisitahin ang [healthywa.wa.gov.au/immunisation](http://healthywa.wa.gov.au/immunisation) para sa dagdag na impormasyon tungkol sa karaniwan at bihirang mga reaksyon sa mga bakuna.

Karakang humanap ng medikal na payo kung sa palagay ninyo na seryoso o di-inaasahan ang reaksyon.

Ang lahat ng mga tagabigay ng immunisasyon sa WA ay kinakailangan ng batas na mag-ulat kung may masamang reaksyon matapos ang pagbakuna. Maaari ding mag-ulat ang mga magulang tungkol sa anumang seryosong reaksyon alinman sa online sa [wavvs.health.wa.gov.au](http://wavvs.health.wa.gov.au), o sa pagtawag sa Central Immunisation Clinic sa 9321 1312.

## Mga talaan ng immunisasyon

Pagkatapos ng immunisasyon, tatanggap ang mga estudyante ng talaan ng mga bakunang kanilang tinanggap

Ang lahat ng mga bakunang pinangasiwaan sa pamamagitan ng nakatalaga sa paaralang programa ay nakatala sa Rehistro ng Immunisasyon sa Australya (Australian Immunisation Register)(AIR).

Dagdag pa rito, ang mga immunisasyon sa HPV ay nakatala sa Pambansang Talaan ng HPV (National HPV register): [hpvregister.org.au](http://hpvregister.org.au)

## Mga matatawagan

### Central Immunisation Clinic

Telepono: 9321 1312 8.30n.u.–4.30n.h. lunes-biyernes

### Inyong lokal na doktor

Inyong lokal na sentro ng kalusugan sa komunidad, ospital o yunit sa pampublikong kalusugan

[healthywa.wa.gov.au/publichealthunits](http://healthywa.wa.gov.au/publichealthunits)

### healthdirect Australia

Telepono: 1800 022 222

## Karagdagang impormasyon

### Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health)

[healthywa.wa.gov.au/immunisation](http://healthywa.wa.gov.au/immunisation)

### Immunise Australia Program

1800671811 o [immunise.health.gov.au](http://immunise.health.gov.au)

Itong dokumento ay makukuha sa alternatibong mga pormat kung hihilingin ng taong may kapansanan

Nilikha ng Communicable Disease Control Directorate © Department of Health 2017

Ang kopirayt sa materyal na ito ay lubos sa Estado ng Kanlurang Australya maliban kung taliwas na sinabi. Bukod sa parehas na pakikitungo para sa mga pakay na pribadong pag-aaral, pananaliksik, kritisismo o pagrepaso, na pinapayagan sa ilalim ng mga probisyon ng *Copyright Act 1968*, hindi maaaring tularan o gamitin ang anumang bahagi para sa alinmang pakay nang walang isinulat na pahintulot ng State of Western Australia.